

heartoheartblog.org

## Ang Misyon ni Hesus

*(Lukas 4: 16-21)*

Sumasa akin ang espiritu ng Panginoon, sapagkat ako'y pinahiran niya upang ipangaral ang Mabuting Balita sa mga dukha: ako'y sinugo niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang naaapi, upang itanyag ang kaaya-ayang taon ng Panginoon."

Mula sa simula, ang Pondo ng Pinoy ay nagsisikap na gamitin ang lahat niyang yaman upang tumulong sa mga nangangailangan. Bilang tagasunod ni Hesus, at alisunod sa pananaw ng Simbahang Katolika ng Pilipinas na maging Simbahan ng mga Dukha, isinusugo ng Pondo ng Pinoy ang *four pillars (small acts, done regularly, rooted in love, empowering communities)* bilang hakbang sa pakikiisa sa mga dukha at isinasantabi.



jamwheeler.com

## Ang Lalaking Mayaman at si Lazaro

*(Lukas 16: 19-31)*

May isang mayaman, marangya ang damit at sagana sa pagkain. Sa kanyang pintuan ay si Lazaro, isang pulubing lipos ng mga sugat, naghahangad na mapakain ng mumo. Namatay ang pulubi at siya'y dinala ng anghel sa sinapupunan ni Abraham. Namatay din ang mayaman at napunta sa Hades. Dahil sa pagdurusa doon, humingi ng awa ang mayaman kay Abraham ngunit hindi siya pinakinggan.

Ang mga taong sanay sa karangyaan ay nahaharap sa ganitong sitwasyon araw-araw sa kanilang buhay na humantong sa buhay ng pagkamkam, pagkamanhid, at pagbabale-wala sa Diyos. Pinaaalalahanan tayo ng Pondo ng Pinoy na suriing mabuti ang ating pananampalataya at tignan nang malaliman ang ating tiwala sa Diyos, pagmamalasakit sa kapwa, at patuloy na kamalayan sa presensya ng buhay na Diyos.



jeremywatsonblog.wordpress.com

## Talinghaga tungkol sa Buto ng Mustasa

*(Mateo 13:31-32)*

Ang kaharian ng langit ay katulad ng isang buto ng mustasa na pinakamaliit sa lahat ng binhi. Ngunit pagtubo nito, ito'y nagiging mas malaki kaysa alin mang halaman at nagiging punongkahoy, kaya't nakakapagpugad ang mga ibon sa mga sanga nito.

Bilang katiwala ng ating kapwa, ang *evangelization program* ng Pondo ng Pinoy ay nagpapa-alala sa ating magmalasakt sa kapwa kahit sa maliliit na gawang kabutihan na kapag pinagsama-sama ay maaaring makatulong maabot ng Mabuting Balita ang mga pinaka-nangangailangan sa ating lipunan.

"Anumang magaling, kahit maliit, basta't malimit ay patungong langit." (Archbishop Gaudencio Cardinal Rosales, D.D.)




blessedwordchurch.com

## Ang Mabuting Pastol

*(Juan 10:10)*

Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito."

Sa Pondo ng Pinoy, ang gawaing patungo sa kaganapan ng buhay ay nagsisimula sa mumo – ibinibigay nang puno ng malasakit, tinitipon, at ipinapamahagi sa pamamagitan ng mga proyekto para sa mga mahihirap na komunidad upang makatulong maibsan ang kanilang kahirapan sa pag-asang hindi lamang sila maiaalis sa kahirapan ngunit makatulong ding itaguyod ang kanilang dignidad.



matneywoodard.com

## Si Hesus at ang Babae sa Balon

*(Juan 4:2-15)*

Si Hesus, sa kanyang pagbabalik sa Galilea, ay dumaan sa Samaria, kilalang lugar ng mga kaaway. Pagod at uhaw, siya ay umupo sa may balon, nang dumating ang isang Samaritana upang mag-igib.

Sa simula, si Hesus ang nauuhaw, ngunit sa huli, ang babae ang humihingi ng "tubig na buhay" na ibinibigay ni Hesus.

Ang hamon sa atin ay pumunta sa mga "balong" pinamamalagian ng mga naliligaw, isinasantabi, at minamaliit sa lipunan. Ang mga programa ng Pondo ng Pinoy ay hindi nagwawakas sa mga proyektong pang-mahihirap; umaasa rin na sa pamamagitan nito, mararamdaman nila ang presensya ng Diyos, at sa mga nagbibigay, na maramdaman ang ligaya ng pagbabahagi ng sarili. Sa Pondo ng Pinoy, ang lahat ay maaaring makiisa sa misyon ni Hesus, nagbibigay man, o tumatanggap.

## Panalangin ng Pondo ng Pinoy

Panginoong Hesus, itinuro mo sa amin na ang Kaharian ng Diyos ay tulad ng binhi ng mustasa, ang pinakamaliit sa lahat ng mga binhi. Ngunit kapag lumaki, ito ay nagiging mataas at malaking puno kung saan nananahan ang mga ibon.

Panginoon, sa diwang ito isinasabuhay ng Pondo ng Pinoy and kanyang pangarap. Mga munting kabutihan na palagiang ginagawa ang nagsasaganap ng iyong Kaharian dito at ngayon. Sa pamamagitan ng mga munting gawaing ito, inaabot namin ang mga maliliit, naliligaw, at isinasantabi sa aming mga komunidad. Pinapangarap naming iangat ang buhay ng mga mahihirap, lumikha ng mga pagkakataon na makapagbabago ng kanilang buhay, at palayain sila sa pagdurusa. Umaasa kaming maging instrument ng iyong pagibig sa pamamagitan ng pangangalaga sa kanila. Sa gayon, itinuturo ng Pondo ng Pinoy na ang pagmamalasakit ay nagsisimula sa mga maliliit na kabutihan na palagiang gingawa upang maging mabisa at totoo.

Sa kabilang banda, itinuturo din ng diwang ito ng Pondo ng Pinoy na ang mga munting mabubuting gawain ay nakakapagpanibago ng buhay hindi lamang ng mga nakatatanggap kung hindi maging sa mga nagbibigay. Sa pamamagitan ng palagiang pagbibigay, nahuhubog ang aming pagkatao ayon sa iyong kagustuhan, na namumuhay sa pagmamalasakit at pagibig. Sa palagiang pagbabahagi, natututo kaming magbigay-puwang sa aming puso para sa iba. Sa pagbabahagi kahit ng "mumo" araw-araw, kami ay lumalago at lumalakas sa pagmamalasakit. Kaya sa Pondo ng Pinoy, hindi lamanag kami nagbibigay, ngunit sa pagbabahagi, kami rin ay nakatatanggap.

Panginoon, tulungan mo nawa kaming nagsusumikap isabuhay ang diwa ng Pondo ng Pinoy, upang maisakatuparan ang iyong Kaharian dito sa lupa at matamo ang kaganapan ng buhay dito at ngayon.

Amen.

@pnpcfi_nmo
www.pondongpinoy.com
Pondo ng Pinoy Community Foundation, Inc
Telephone no.: (02) 8527-8113 / (02) 8527-8114
Contact no.: (+63) 917-571-5988 / (+63) 928-507-8116

Pag-ibig ng Panginoon. Pag-asa ng Pilipino.

# Pondo ng Pinoy sa Limang Ebanghelyo

Pondo ng Pinoy: Embodying New Evangelization Towards Fullness of Life

Formation Framework

Pondo ng Pinoy 4 Pillars:
small acts. done regularly. rooted in love. empowering communities